Mensahe Pito

# Si David na Sumasagisag kay Kristo, ang Tunay na David— ang Hari ng Darating na Kaharian ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: 1 Sam. 21:1-6; 2 Sam. 7:16; 23:1-7; Amos 9:11-12; Mat. 1:6; 12:1-4

**I. Si David ay sumasagisag kay Kristo, ang tunay na David—1 Sam. 21:1-6; 2 Sam. 23:1-7; Mat. 12:1-4:**

A. Si David ang pinakaganap na sagisag ni Kristo na inihayag sa Lumang Tipan, sinasaklaw ang pinakamahabang panahon; malinaw ring inihahayag ng Bagong Tipan na si David ay sumasagisag kay Kristo—Mat. 12:3.

B. Bilang pagsang-ayon sa prinsipyong makikita sa Mateo 12, na si Kristo ay higit na dakila kaysa sa lahat ng sagisag, higit na dakila kaysa sa lahat ng bagay at tao sa Lumang Tipan na sumasagisag sa Kanya, si Kristo ang higit na dakilang David:

1. Ang salita ng Panginoon sa Mateo 12:3-4 ay nagpapahiwatig na Siya ang tunay na David:
   a. Si David ay may mga tagasunod, at si Kristo, ang tunay na David, ay mayroon ding mga disipulo bilang Kanyang mga tagasunod.
   b. Lahat ng ito ay nagpapahiwatig na si David at ang kanyang mga tagasunod ay isang sagisag, isang paunang larawan, ni Kristo at ng Kanyang mga disipulo.
2. Ang salita ng Panginoon sa Mateo 12:3-4 ay nagpapahiwatig din ng isang pampanahunang pagbabago mula sa pagkasaserdote tungo sa pagkahari:
   a. Binago ng pagdating ni David ang kapanahunan mula sa kapanahunan ng mga saserdote tungo sa kapanahunan ng mga hari, kung saan ang mga hari ay mas mataas sa mga saserdote.
   b. Sa pamamagitan ng pagdating ni Kristo, ang kapanahunan ay nagbago rin, sa pagkakataong ito mula sa kapanahunan ng kautusan tungo sa kapanahunan ng biyaya, kung saan si Kristo ay higit sa lahat.
   c. Sa Mateo 1:6 si David ay tinawag na "hari" sapagkat sa pamamagitan niya ang kaharian kalakip ang pagkahari ay naipasok; siya ang palatandaan ng dalawang kapanahunan, ang konklusyon ng isang kapanahunan at ang simula ng isa pang kapanahunan.

C. Si David na sumasagisag sa nagdurusang Kristo ay inihahayag sa Mga Awit 22, 109, at 110:

1. Sa Awit 22 ay makikita natin ang nagdurusang David na sumasagisag sa nagdurusang Kristo na dumadaan sa Kanyang kamatayan—bb. 1a, 6-21.
2. Ang Awit 109 ay isang panalanging inihandog ni David tungkol sa kanyang mga pagdurusa:
   a. Dito si David ay isang sagisag ni Kristo, at ang mga pagdurusa ni David ay sumasagisag sa mga pagdurusa ni Kristo.
   b. Ang panalangin ni David hinggil sa kanyang mga pagdurusa ay sumasagisag sa panalangin ni Kristo.
3. Ang panalangin sa Awit 109 ay sinagot sa Awit 110:
   a. Yamang ang Awit 110 ang sagot sa panalangin ni David bilang isang sagisag ni Kristo sa Awit 109, dapat isaalang-alang ang Awit 110 bilang sagot sa panalangin ni Kristo—Heb. 5:7.

b. Sinagot ng Diyos ang panalanging ito hindi lamang sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Kristo kundi sa pamamagitan din ng pag-akyat sa langit ni Kristo—Gawa 2:23-24, 32-33; 5:31.

D. Si David ay sumasagisag din kay Kristo sa kanyang mga huling salita—2 Sam. 23:1-7:

1. Si David, isang sagisag ni Kristo, ay namuno nang matuwid sa gitna ng mga tao na may takot sa Diyos—b. 3b.
2. Si David, isang sagisag ni Kristo, ay tulad ng liwanag sa umaga kapag sumisikat ang araw na walang mga ulap—b. 4a.
3. Kapag namumuno si Kristo nang matuwid sa gitna ng mga taong may takot sa Diyos, Siya ay tulad ng liwanag sa umaga kapag sumisikat ang araw, "Pagka ang malambot na damo ay sumisibol sa lupa / Sa maliwanag na sikat ng araw pagkatapos ng ulan"—b. 4b.

## II. Si David na hari ay sumasagisag kay Kristong Hari—1 Sam. 16:12; 2 Sam. 16:5-6; Mat. 1:6; 2:2; 27:1; Apoc. 19:16:

A. Si haring David ay sumasagisag kay Kristo—ang Hari ng darating na kaharian ng Diyos—bilang haring itinatag ng Diyos, ang nakikidigmang hari, at ang haring hinamak at tinanggihan ng mga tao—1 Sam. 16:12; 2 Sam. 16:5-6:

1. Gaya ng sinagisag ni David, si Kristo ay ang nakikipaglabang Hari, na nagtagumpay sa lahat ng Kanyang kaaway, na nagtamo ng lupain, at naghanda ng lahat ng materyales para sa pagtatayo ng ekklesia bilang templo ng Diyos—1 Cron. 21:22-25; 29:29.
2. Pagkatapos angkinin ni Kristo ang lupa, Siya ay maghahari sa lupa bilang Hari sa kaharian, namumuno sa mga bansa kasama ang Kanyang mga mandaraig na mananampalataya—Apoc. 20:4, 6; 2:26-27.
3. Bilang darating na Hari, si Kristo ang magiging Ulo at sentro ng darating na kaharian ng Diyos sa milenyo; ito ang magiging katuparan ng Isaias 32:1, Jeremias 23:5, at Zacarias 14:9 at 17.

B. Nagsalita ang mga propeta hinggil kay David at kay Kristo bilang isa—Jer. 30:9; Ezek. 34:23-24; 37:24-25; Hos. 3:5; Amos 9:11:

1. "Kanilang paglilingkuran [si Jehovah] nilang Diyos at si David na kanilang Hari, na Aking ibabangon para sa kanila"—Jer. 30:9:
2. Tumutukoy ito kay Kristo, na siyang tunay na David at magiging Hari sa pagpapanumbalik, yaon ay, sa milenyo—Isa. 32:1; Apoc. 20:4, 6.
3. "Ako'y maglalagay ng isang Pastol sa kanila, ang Aking Lingkod na si David, at Kanyang pakakainin sila; Kanyang pakakainin sila, at Siya'y magiging kanilang Pastol…At ang Aking Lingkod na si David ay magiging Pinuno nila"—Ezek. 34:23-24:
   a. Si David ay sumasagisag kay Kristo, ang tunay na Pastol ng kawan ng Diyos, pinakakain tayo at sinasanhi tayong mabusog at masiyahan—Juan 10:11; Heb. 13:20; Isa. 9:7; Hos. 3:5; Mik. 5:2; Luc. 1:32-33.
   b. Kapag dumarating ang Panginoong Hesus bilang Pastol upang mangalaga sa atin, dumarating din Siya bilang Hari upang pamahalaan tayo; ang kinalabasan ng pangangalaga ng Panginoon sa atin bilang ating Pastol ay yaong sumusunod tayo sa Kanya bilang ating Hari at napasasailalim sa Kanyang pagkahari at Kanyang trono sa loob natin.

4. “Ang Aking Lingkod na si David ay magiging Hari nila, at sila’y magkakaroon ng isang Pastol”—Ezek. 37:24:
    a. Ito ay tumutukoy kay Kristo ang ating Pastol, na siyang tunay na David.
    b. Kaugnay sa Israel ang propesiyang ibinigay rito ay matutupad sa milenyo, ang kapanahunan ng pagpapanumbalik, at sa kawalang-hanggan, sa bagong langit at bagong lupa.
5. “Pagkatapos ang mga anak ni Israel ay manunumbalik at hahanapin nila [si Jehovah] nilang Diyos at si David na kanilang Hari, darating silang may takot [kay Jehovah] at sa Kanyang kabutihan sa mga huling araw”—Hos. 3:5:
    a. Si David na kanilang Hari ay si Kristo sa milenyo.
    b. *Ang mga huling araw* ay tumutukoy sa kapanahunan ng pagpapanumbalik—Mat. 19:28.

C. Sa paparating na paghahari ng Panginoon ang awtoridad at kaluwalhatian ng Diyos ay lubusang mahahayag, at ang buong lupa kasama ang lahat ng tao nito ay dadalhin tungo sa katuwiran, kapayapaan, kagalakan, at ganap na pagpapala ng nilikha ng Diyos—6:13; Isa. 32:1, 16-18; 35:1-2, 5-7.

**III. Ang kaharian ni David ay sumasagisag sa darating na kaharian ni Kristo—2 Sam. 7:12, 16; Marc. 11:10; Apoc. 11:15:**

A. Sa pamamagitan ni propetang Natan, nagsalita si Jehovah kay David, na nagsasabi, “Ang iyong sambahayan at ang iyong kaharian ay matitiyak magpakailanman sa harap [mo]; ang iyong trono ay matatatag magpakailanman”—2 Sam. 7:16:
1. Ang sambahayan ni David ay tumutukoy kay Kristo, ang kaharian ni David ay tumutukoy sa kaharian ni Kristo, at ang trono ni David ay tumutukoy sa trono ni Kristo—b. 16.
2. Ang kaharian ni David ay ang kaharian ni Kristo, at si David at si Kristo ay may isang trono—Isa. 9:7; 16:5; Luc. 1:32; Gawa 2:29-31.
3. Ang salita ng Diyos na inihatid ng arkanghel na si Gabriel ay nagpatibay din na ang tipan ni David ay matutupad kay Kristo—Luc. 1:32-33.
4. Ang pangako ng Diyos kay David na ang kanyang sambahayan at kaharian ay matitiyak at na ang kanyang trono ay maitatatag magpakailanman ay natupad kay Kristo.
5. Mamanahin ni Kristo ang trono ni David ayon sa pangako ng Diyos kay David upang maghari sa bahay ni Jacob magpakailanman, at ang Kanyang kaharian ay magiging walang katapusan—bb. 32-33:
    a. Ang panlupang bahagi ng milenyong kaharian sa darating na kapanahunan ay magiging Mesiyanikong kaharian, na tinatawag na kaharian ng Anak ng Tao sa Mateo 13:41 (Apoc. 11:15).
    b. Ito ang mapanunumbalik na kaharian ng Israel (Gawa 1:6), ang tabernakulo ni David—ang kaharian ni David—na itatayong muli ng Panginoon (15:16; Marc. 11:10).

B. Ipinropesiya ni Amos na, bilang Hari, ibabangon ni Kristo ang “tabernakulo ni David na bumagsak”—Amos 9:11:
1. Ang tabernakulo ni David ay ang kaharian ni David at ang maharlikang angkan ni David—2 Sam. 7:12, 16.

2. Ang kahariang iyon, ang maharlikang angkan, ay bumagsak nang dumating si Nebukadnezar upang bihagin ang bansang Israel, winasak ang lupain, sinunog ang lunsod, sinira ang templo, at dinala ang hari—2 Hari 25:1-21.
3. Sa propesiya ni Amos nangako ang Diyos na isang araw ang kaharian ni David at ang angkan ni David ay mapanunumbalik, at lahat ng bansa ay tatawagin sa pangalan ni Jehovah—Amos 9:11-12.
4. Ipinahihiwatig ng propesiyang ito na babalik si Kristo upang maging tunay na David (Isa. 9:7; 16:5; Jer. 30:9; Ezek. 34:23-24; 37:24-25; Hos. 3:5) at itatayong muli, yaon ay, panunumbalikin, ang kaharian ng Kanyang ninunong si David para sa pagpapanumbalik ng buong sansinukob.
5. Sa panahong iyon ang kaharian ni David ay magiging kaharian ni Kristo at ng Diyos magpasawalang-hanggan—Apoc. 11:15.
6. Uupo ang Panginoon sa trono ni David at maghahari kay Jacob, yaon ay, ang mga Hudyo (Luc. 1:32-33), at mamumuno Siya sa mga bansa sa lupa sa panahon ng milenyo (Awit 2:8; 72:8; Dan. 7:14; 2:35).

*© 2021 Living Stream Ministry*